Public Health
Seattle & King County

# H1N1 (Swine Flu) Bakuna para sa mga Buntis

**Buntis ako. Kailangan ko bang magpabakuna para sa trangkasong H1N1?**
Oo! Bakuna para sa trangkaso ang pinaka-magandang proteksiyon para sa iyo at sa iyong sanggol laban sa trangkaso. Kailangang kunin ng mga buntis ang bakuna para sa trangkasong H1N1 at ganoon din ang para sa pangkaraniwang trangkaso.

**Bakit kailangan kong magpabakuna para sa trangkasong H1N1?**
Ang bakuna para sa trangkaso ay napakahalaga para sa mga buntis dahil sila ay nasa taas ng panganib na magkasakit ng malala kung sila ay nahawa ng trangkaso. May mga buntis sa Estados Unidos na namatay dahil sa trangkasong H1N1.

**Ang bakuna para sa H1N1 ba ay ligtas para sa akin at sa aking sanggol?**
Oo. Ang bakuna para sa H1N1 ay ligtas katulad ng bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso. Ang bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso ay napatunayan na na ligtas ito para sa mga buntis at sa kanilang mga sanggol. Nasuri na ang kaligtasan ng bakuna para sa trangkasong H1N1 katulad din ng bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso.

**Mayroon bang preserbatibong ginamit sa bakuna para sa trangkasong H1N1?**
Ang thimerosal na preserbatibong gamit sa bakuna ay ligtas para sa mga buntis at sa kanilang sanggol. Mayroon ding bakuna para sa trangkasong H1N1 na hindi gumamit ng preserbatibong thimerosal kung gusto mong iwasan ang preserbatibo (alamin sa iyong tagapamahala ng kalusugan). Ligtas para sa iyo ang magpabakuna, mayroon man o walang thimerosal.

**Kailangan ko ba ang bakuna para sa trangkasong H1N1 at para sa pangkaraniwang trangkaso?**
Oo. Hindi ka mapapangalagaan ng bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso sa trangkasong H1N1. Kailangan mong kuning pareho ang bakuna para mapangalagaan ka at ng iyong sanggol sa parehong H1N1 at sa pangkaraniwang trangkaso. Maaari mong kuning sabay ang pagpapabakuna. Kailangang kunin ng mga buntis ang dalawang bakunang ito sa lalong madaling panahon.

**Anong uri ng bakuna ang dapat kong kunin?**
May dalawang uri ng bakuna sa trangkaso. Kailangang kunin ng mga buntis ang bakuna sa pamamagitan ng inyeksyon, kadalasan sa braso. Hindi maaaring kunin ng buntis ang ibang klase na bakunang ibinubuga sa ilong (nasal spray flu vaccine).

**Ano ang maaaring hindi magandang epekto ng bakuna para sa trangkasong H1N1?**
Walang epektong hindi maganda sa pangkaramihang tao. Kung mayroon may, maaaring ito ay mahinay lamang. Ang hindi magandang epekto ay karaniwang nangyayari kaagad pagkatapos ng bakuna at tumatagal ng 1-2 araw. Maaari itong magdulot ng kaunting sinat, sakit ng kalamnan, pamumula, o pamamaga kung saan ang tinusukan. Katulad din ng alinmang gamot, mayroong maliit na posibilidad na magkaroon ng alerhiya. Ang malalang reaksiyon na dulot ng bakuna sa trangkaso ay lubhang madalang mangyari. Ang peligro sa bakuna ay higit na maliit kaysa sa peligro sa trangkaso. Kung ikaw ay mayroong malalang alerhiya sa itlog o sa ibang sangkap ng bakuna, huwang kang magpabakuna.

**Maaari bang bigyan ng bakuna sa trangkasong H1N1 ang aking sanggol?**
Ang mga sanggol na wala pang 6 na buwan ay hindi maaaring magpabakuna para sa trangkaso. Ang sinumang may kasama o nag-aalaga ng sanggol ay kailangang kunin ang dalawang bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso at ang para sa trangkasong H1N1 upang mapangalagaan ang bagong silang na sanggol mula sa trangkaso.

**Ilang dosis ng 2009 bakuna para sa trangkasong H1N1 ang kailangang kukunin ko?**
Ang mga buntis at lahat ng iba pang tao na may 10 taong gulang pataas ay mangangailangan lamang ng isang dosis ng bakuna para sa trangkasong H1N1.

**Ano pa ang maaari kong gawin para mapangalagaan ko ang aking sarili at ng aking sanggol?**

- Bawat isa sa mga kasama mo sa bahay ay kailangang kumuha ng dalawang bakuna para sa pangkaraniwang trangkaso at para sa trangkasong H1N1 bago ipanganak ang iyong sanggol.
- Hugasan ng sabon at tubig ang mga kamay ng madalas. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng mayroong alkohol na maaaring ipahid sa kamay.
- Iwasang hawakan ang mga mata, ilong at bunganga. Kumakalat ang mikrobyo sa ganitong paraan.
- Lumayo sa mga taong may sakit.

Para sa mga kasalukuyang pagbabago, pumunta sa www.kingcounty.gov/health/h1n1 o tumawag sa Flu Hotline 877-903-5464, 24 oras/araw (Ingles at Espanyol)